*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Umaga

Ika-24 ng Mayo, 2026

{ Dakilang Kapistahan ng Pentekostes }

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

# *Paanyaya sa Panalangin*

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus sa mga labi*

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

— At pupurihin ka ng aking bibig.

*Salmo 95*

*Ang Panawagan upang papurihan ang Diyos*

Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

— Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya aawitan,
Ating paputihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

— Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

— Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.

— Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang

Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.

— Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi,"Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinusuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."

— Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

— Aleluya, ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa buong mundo; halina at sambahin siya, aleluya.

# *Panalangin sa Umaga*

## Awit

O Amang PANGINOON ng langit at ng lupa
Haring pinagmumulan ng lahat ng biyaya
Ipagkaloob ang alay na sakdal dakila
Ang 'yong Espiritung Banal na handog sa madla.

O Anak ng D'yos, nakaluklok sa kalangitan
Mangyaring isugo mo ang Pangakong Patnubay
Gawin mong banal ang itinatag mong Simbahan
Upang maging tahanan ng Espiritung gabay.

O Banal na Espiritu, sa ami'y dumatal
Na tila kalapati doon sa Ilog-Jordan
Patatagin ang Simbahan na iyong hinirang
Pag-alabin sa apoy ng iyong pagmamahal.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

O Panginoon, kay buti at kay hinahon ng iyong Espiritung sumasaamin, aleluya.

*Salmo 63:2-9*

*(Ang kaluluwang uhaw sa Diyos)*

O Diyos, ikaw ang aking Diyos na lagi kong hinahanap,
Ang uhaw kong kaluluwa'y tanging ikaw yaong hangad;
Para akong tuyong lupa na tubig ang siyang lunas.
Bayaan mong sa santwaryo, sa lugar na dakong banal,
Ikaw roo'y mamasdan ko, sa likas mong karangalan.

Ang wagas na pag-ibig mo'y mahigit pa kaysa buhay,
Kaya ako'y magpupuri't ikaw ang pag-uukulan.
Habang ako'y nabubuhay, ako'y magpapasalamat,
At ako ay dadalangin na kamay ko'y nakataas.
Itong aking kaluluwa'y kakaing may kasiyahan,
Magagalak na umawit ng papuring iaalay.

Laman ka ng gunita ko samantalang nahihimlay,
Magdamag na ang palaging iniisip ko ay ikaw;
Pagkat ikaw sa tuwina ang katulong na malapit,
Sa lilim ng iyong pakpak galak akong umaawit.
Itong aking kaluluwa'y sa iyo lang nanghahawak,
Pagkat ako kung hawak mo, kaligtasa'y natitiyak.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

O Panginoon, kay buti at kay hinahon ng iyong Espiritung sumasaamin, aleluya.

*Antipona 2*

Tulutang ang mga sapa at mga batis, at lahat ng mga nabubuhay sa ilalim ng dagat, ay umawit ng papuri sa Diyos, aleluya.

*Awit: Daniel 3:57-88, 56*

*(Purihin nawa ang Diyos ng lahat ng nilalang)*

Purihin ninyo ang PANGINOON, kayong lahat na mga nilikha,
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, kayong lahat, mga kalangitan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, kayong lahat, mga anghel ng PANGINOON,
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, kayong lahat, mga tubig sa ibabaw ng langit;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, kayong lahat na bumubuo ng kanyang hukbo;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, araw at buwan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga bituin sa langit;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang PANGINOON, mga ulan at hamog;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, lahat ng hanging umiihip sa sandaigdigan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, apoy at init;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, nakapapasong init at matinding lamig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga hamog at niyebeng nalalaglag;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga araw at mga gabi;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, liwanag at kadiliman;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang PANGINOON, graniso at ginaw;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, yelo at niyebe;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga kidlat at mga ulap;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

O lupa, dakilain ang PANGINOON;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga bundok at mga burol;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, lahat ng tumutubo sa lupa;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga dagat at mga ilog;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga bukal ng tubig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga balyena at lahat ng nilikhang nasa tubig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, lahat ng ibon sa himpapawid;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga kawan at mga maiilap na hayop;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Lahat ng tao sa daigdig, purihin ninyo ang PANGINOON;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang PANGINOON, bansang Israel;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga saserdote ng Diyos;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, mga lingkod ng PANGINOON;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, kayong lahat na mga tapat;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, lahat ng banal at mababang-Ioob;

Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang PANGINOON, Ananias, Azarias at Misael;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Pagpalain ang Ama at Anak at Espiritu Santo;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ka sa buong sangkalangitan;
Karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

*Antipona*

Tulutang ang mga sapa at mga batis, at lahat ng mga nabubuhay sa ilalim ng dagat, ay umawit ng papuri sa Diyos, aleluya.

*Antipona 3*

Nangaral ang mga apostol sa iba't ibang wika, at ipinahayag ang mga dakilang gawa ng Diyos, aleluya.

*Salmo 149*

*(Ang galak ng banal na bayan ng Diyos)*

Purihin ang PANGINOON!
O ang PANGINOON ay purihin, awitan ng bagong awit,

Purihin sa pagtitipon ng tapat sa pananalig.
Magalak ka, O Israel, dahilan sa Manlilikha;
Dahilan sa iyong hari, ikaw Sion ay matuwa.
Purihin sa pagsasayaw, purihin ang kanyang ngalan;
Alpa't tambol ay tugtugin, at siya ay papurihan.

Ang PANGINOON ay nagagalak sa kanyang mga hirang,
Sa nangagpapakumbaba'y tagumpay ang ibibigay.
Sa tagumpay na natamo, magalak ang mga hirang,
Sa kanilang pagpipista ay magsaya't mag-awitan.
Sa pagpuri sa PANGINOON, ay bayaang magsigawan
Na taglay ang matatalim na sundang sa mga kamay,

Upang yaong mga bansang nagmalabis ay gantihan,
At bigyan ang mamamayan ng parusang kailangan.
Sa ganito, ang kanilang mga hari'y papangawan,
At ang mga pangunahin ay kadenang yaring bakal.
Sang-ayon sa utos ng Diyos, mga bansa'y magdurusa;

Ang tatanggap ng tagumpay, ay ang mga hirang niya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nangaral ang mga apostol sa iba't ibang wika, at ipinahayag ang mga dakilang gawa ng Diyos, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Gawa 5:30-32*

Ang Diyos ng ating mga ninuno ang muling bumuhay kay Hesus na pinatay ninyo nang inyong ipabitay sa krus. Iniakyat siya ng Diyos sa kanyang kanan bilang Tagapanguna at Tagapagligtas, upang bigyan ng pagkakataon ang mga Israelita na magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, at sa gayon, sila'y patawarin. Saksi kami sa mga bagay na ito—kami at ang Espiritu Santo na ipinagkaloob ng Diyos sa mga tumatalima sa kanya.

*Tugunan*

Ang lahat ay natigib ng Espiritu Santo, aleluya, aleluya.

— Ang lahat ay natigib ng Espiritu Santo, aleluya, aleluya.

Nagsimula silang magsalita,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang lahat ay natigib ng Espiritu Santo, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Zacarias

*Antipona*

Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo; ang pinatawad ninyong mga kasalanan ay pinatawad na nga, aleluya.

*Lukas 1:68-79*

*Gumawa tanda ng krus*

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo; ang pinatawad ninyong mga kasalanan ay pinatawad na nga, aleluya.

Tinipon ni Kristong Panginoon ang kanyang Simbahan sa pagkakaisa sa pamamagitan ng Espiritu. Matibay ang pag-asang dumalangin sa kanya:

— Panginoon, baguhin mo ang buong mundo.

Panginoong Hesus, nang ikaw'y itinaas sa krus, umagos ang tubig ng buhay sa iyong sinugatang tagiliran,
punuin kami ng iyong Espiritung nagbibigay-buhay.

— Panginoon, baguhin mo ang buong mundo.

Sa kaluwalhatian sa kanan ng Diyos, ipinagkaloob mo ang Handog ng Ama sa iyong mga apostol,
isugo sa amin ang iyong Espiritu upang panibaguhin ang mundo.

— Panginoon, baguhin mo ang buong mundo.

Ipinagkaloob mo ang iyong Espiritu sa mga apostol, kasama ang kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan,
wasakin ang lahat ng kasalanan sa sanlibutan.

— Panginoon, baguhin mo ang buong mundo.

Ipinangako mo sa amin ang Espiritu Santo upang turuan kami ng lahat ng bagay at paalalahanan kami sa lahat ng iyong winika,
isugo sa amin ang iyong Espiritu upang liwanagan ang aming mga isip sa pananampalataya.

— Panginoon, baguhin mo ang buong mundo.

Ipinangako mong isusugo ang Espiritu ng katotohanan upang sumaksi sa iyo,
isugo ang iyong Espiritu upang kami'y maging matatapat na saksi mo.

— Panginoon, baguhin mo ang buong mundo.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo

Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
tulutan ang Espiritung isinugo mo sa iyong Simbahan
upang simulan ang pangangaral ng Ebanghelyo
ay magpatuloy na kumilos sa buong mundo
sa mga puso ng mga nananalig sa iyo
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

United States of America
*www.ebreviary.com*